

## Pahayagan ng Ladies Prayer International



United Pentecostal Church August 2016



Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

### Pananampalataya sa Panahon ng Desperasyon

Ni Liane Grant



Minsan ang ating mga anak ay may mga ginagawa na nagdudulot sa atin upang tayo ay manalangin ng may desperasyon. Ang puso natin bilang ina ay nakakaramdam na kapag ang Diyos ay hindi namagitan, ang sitwasyon ay lalala kung di man sa atin ay sa kanila.

Ang desperasyon ay hindi maiiwasan. Minsan ito ay nagdudulot sa atin ng negatibo o positibong direksiyon. Tandaan natin na wag natin manipulasyunin ang ating Panginoon sa Panalangin na gaya nito " Panginoon, kailangan mo itong ayusin ngayon dahil kung hindi ay"....tayo ba ay maglulumpasay? Tayo ba ay titigil na sa pagpanalangin para sa ating mga anak?

Huwag! Sa lahat ng bagay palagi natin ipanalangin ang Kalooban ng ating Diyos. "At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: " I Juan 5:14). Hindi ipinangako ng Diyos na hindi tayo masasaktan, minsan kailangan ito upang tayo ay muling lumapit sa Kanya. Mayroon ba tayong sapat na pananampalataya na ipanalangin ang Kalooban ng Diyos para sa ating mga anak kahit na sila ay kailangan maghirap upang maligtas ang kanilang kaluluwa?

Ang ating desperasyon ay hindi nagdidikta ng *timing* ng ating Panginoon. Mahigit na *thirty years*, na akong nanalangin dahil ako ay may problema sa pagtulog. Madalas akong nagiging sa gabi minsan walo hanggang sampung beses akong gising. At Kapag ako ay nasa Hotel naman ay *forty o fifty* beses. Ang kapaguran minsan ay nagdudulot sa akin upang manalangin ng may desperasyon lalo na ako ay may mga anak, nagtatrabaho at asawa ng Pastor.

Palagi kong hangarin na matulog ng saktong walong oras gabi gabi, pero ang lahat ay binibigay ko na sa Diyos. Ayaw ko ng mabuhay na nakukunsumi. *Last year*, may isang batang Pastor na naimbitahan sa aming sambahan at ako ay kanyang pinanalangin, nang gabing iyon ako ay nkatulog ng mahimibing. Isa iyong malaking tagumpay para sa akin at unti-unting naayos ang aking pagtulog. Hanggang sa natutunan ko ayusin ang aking *diet* sa tulong ng Diyos.

Sinagot ng Diyos ang aking Panalangin, dahil alam niya kung kailan ko kailangan ng kagalingan at kung ano ang mga dapat kong matutunan sa buhay. "Hindi dumating sa inyo ang anomang tukso kundi yaong matitiis ng tao: datapuwa't tapat ang Dios, na hindi niya itutulot na kayo'y tuksuhin ng higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay gagawin naman ang paraan ng pagilag, upang ito'y inyong matiis." (I Corinthians 10:13)

Habang sinusulat ko ito, narinig ko yung kanta ni Lauren Daigle sa radyo "*When you don't move the mountains, I'm asking you to move; when you don't part the waters I wish I could walk through; when you don't give the answers as I cry out to you; I will trust, I will trust, I will trust in you.*" Panghawakan natin ang ating pananampalataya sa panahon ng ating desperasyon.

*Tala: Si Liane at asawang si ay mga career church planters sa Montreal-Quebec under sa UPCI Metro Missions program. Si Liane ay naglilingkod bilang Quebec Ladies Ministries president at founder at overseer ng The King's Translators, isang grupo ng volunteers na nagbibigay ng mga apostolic resources sa French. Siya ay kasalukuyang gumagawa ng doctoral research sa grupong ito.*

---

## Panalangin ng may Desperasyon

By Rebecca Akers



Walang anak si Hannah

Ito ang takot ng marami. Ngunit noong panahon ni Hannah, hindi lang takot ang kanyang nararamdaman. Ito ay kabigatan na kailangan niyang dalhin. Habang papasok siya sa sambahan, naririnig niya ang usap usapan ng mga kababaihan patungkol sa kanya. Ang mga tingin nila sa kanya ay tila ba hindi

siya para sa lugar na iyon.

Kahit saan siya magpunta, mga paninging mapanuri ang nakikita niya, tagus tagusan kahit siya ay nakalikod. Ilang araw ang nakalipas, hindi siya kumain. Hindi dahil sa ayaw niya kundi hindi talaga siya makakain. Napakabigat ng kanyang puso at ang isip niya ay napakahina. Tinanong siya ng Kanyang asawa, "bakit hindi ka kumakain?" Bakit ka umiiyak? Hindi mo na ba ako mahal? Ngunit ang dalahin ni Hannah ay hindi maiintindihan kaylan man ng kanyang asawa."

Ito ay nagpatuloy ng ilang araw, buwan, at taon. Tila ba wala ng katapusan ang sakit, luha at pagnanasang magka-anak.

At si Hannah ay nagbago, at natutong magalit at magtanong, “Diyos ko, bakit ako?” Bakit mo ako isinumpa ng ganito.’ “hindi mo na ba ako mahal? Hindi mo ba nakikita kung papaano ako kuytain at yapakan ng mga taong ito?”

At siya ay napagod.

Siya ay naging desperado.

At siya ay nanalangin ng panalangin ng kadesperaduhan. At nangako sa Diyos na kapag siya ay pagkakalooban ng anak. Ibabablik niya ito sa kanya.

At doon sa templo ibinuhos niya ang lahat hanggang wala ng matira sa kanya. Hanggang sa ang ispiritu niya ay matuyo, at hanggang hindi na siya makapagsalita . Nang araw ding iyon siya umalis sa templo na ang kanyang mukha ay hindi na malungkot.

Ang desperasyon ay isang armas. Kapag ang tao ng Diyos ay desperado, walang makakapigil sa kanila Lalo na kung sila ay nanalangin. Maraming pagkakataon sa Biblia na ang mga tao ay humingi ng awa, kapayapaan, gabay, at panalangin upang mapuno ang tila ba kakulangan na kanilang pinaglalaman. Kung ikaw ay nasa ganyang sitwasyon, pagod, tuyo, at desperado- Ang Diyos ay handa kang kitain sa lugar ng iyong kadesperaduhan.

*Editor's Note: Si Rebecca ay isang kabataan na naglilingkod ng tapat sa Panginoon ng kanyang buong puso. Involve din siya sa youth ministry, nagtuturo ng Sunday school, umaawit sa choir, praise team at keyboard. Pati sa sign team, puppet team at outreach. Siya din ang Student Council at Vice President sa kanyang school's chapter of the National Honor Society. Sa kanyang libreng oras ay nag bo volunteer siya sa hospital kada linggo. Tumutulong din siya sa akin sa pag distribute nitong newsletter sa iba't ibang lengwahe. Siya ay ang aking apo! -Debbie Akers*

---

## Ang Panalangin may Desperasyon

By Dianne Showalter



Walang nagsasabi sa atin na manalangin ng may Kadesperasyunan, yung mga panalangin na kung saan ang ating mga kamay ay nakasubsob sa ating mukha habang nagmamakaawa sa ating Panginoon. Ang pinakamalaking pagsubok sa atin ay kung papaano natin malalampasan ang lahat sa tulong ng ating Panginoon.. (I Samuel 1:7, 15; I Samuel 2:1.)

Isa sa malaking pagbabago sa buhay ko ay yung narinig ko mula sa misyunarya na si Nona Freeman ang kanyang desperasyon na mailigtas ng Panginoong ang kanyang mga apo. Araw araw ay iniyak niya sa Panginoon ang kanyang mga apo habang binabanggit niya ang kanilang mga pangalan. Isang araw ay nangusap sa kanya ang Diyos ay siya ay tinanong kung siya ba ay tunay na naniniwala sa kanya. Sumagot siya ng “opo Panginoon”. At muling nangusap ang Diyos sa kanya at sinabi na” kung ikaw ay tunay na naniniwala, wag ka ng magmamakaawa bagkus ay simulan mo nang magalak!!” Noong oras ding iyon ay itinaas niya ang kanilang mga litrato at sinabi na " Diyos ko, salamat sa kaligtasan ng aking mga apo at ito ay mangyayari sa Pangalan mo Hesus! Hindi nagtagal at silang lahat ay naligtas.

Kapag tayo ay nanalangin upang makatanggap ang isang tao ng Banal na Ispiritu, ating sabihin na wag silang magmamakaawa sa Panginoon sapagkat ito ay regalo kundi ay purihin nila ang Diyos. Batid ko na mahalaga ang taos pusong pagsisi subalit dapat hindi palaging humihingi ng kapatawaran kundi pagtanggap din ng kapatawaran. Kadalasan tayo ay lumalapit sa Diyos ng lumuluha pero dapat ay hindi palaging ganoon. Kapag ang ating hinaing at kabigatan ay inilapit na natin sa Diyos,tayo ay magtiwala at manampalataya na ang Diyos ay kikilos.

Taong 1985 nang kami ay tawagin ng Diyos sa El Salvador. Oo ako ay handa, pero ang aking kalooban ay nag-aalala para sa aking mga anak dahil nang panahong iyon ay may kaguluhan doon. Ngunit narinig ko sa isang *conference* kung san si Hannah ay iniwan ang kanyang anak na si Samuel sa templo, bilang ina mahirap na malayo sayo ang iyong anak. Nang oras na iyon ay ramdam ko ang sakripisyo na nararamdaman ni Hannah. Umiyak ako ng dalawang oras,at ang Diyos ay nangusap sa akin at sinabi na ' Kung mas nais mo na wag pumunta upang maingatan mo ang iyong anak ay aking naiintindihan, ngunit kung ikaw ay pupunta, ako ay mag-iingat sa kanila.Ako ay labis na napaluha nang may pasasalamat,pagtitiwala, kalayaan at kagalakan! Tunay na pinagkatiwalaan ko ang kanyang salita ng araw ding iyon kaya kami ay tumuloy sa El Savador kahit na minsan may mga bala ng baril na tumatagos sa aming tahanan, kami ay iningatang tunay ng Diyos.

Noong ang aking anak naman ay nagkaroon ng *rheumatoid arthritis*. Ako ay umiyak sa Diyos at nagtanong ng " Bakit, Diyos? Ang anak ko ay naglilingkod sayo. Kami ay nananamplataya na ikaw ay nagpapagaling, sana po kami ay inyong naririnig. Subalit bigla kung naalala ang kanyang salita kaya dali dali ko siyang pinanalangin at ibinigay ko ang lahat kay Hesus. Sinabi ko sa Diyos na "ikaw na po ang bahala Diyos" . Napakahirap ng laban, subalit ang kabigatan ay nawala at ang pagtitiwala ay bumalik. Ako ay dininig ng Diyos!

*Tala:*

*Si Dianne Showalter at ang kanyang asawa ay parehas na misyonaryo sa loob ng thirty years,nagbiyahe na sila sa mahigit 100 na bansa,maraming beses na din siya naimbitahan para mangaral sa mga ladies meetings. Passion niya ang ipangaral ang salita ng Diyos, masaya siyang ang kanyang mga anak ay naglilingkod sa Diyos.*

---

## Desperado

Ni Wanda Chavis



Ang deperasyon ay lugar kung saan ay wala ng pag-asa sa mga bagay na hindi inaasahan. Paano nga ba natin naitataas o naibaba ang ngalan ni Hesus kapag tayo ay desperado?

Si Hanah ay desperado na may kasamang pagtangis,pagtampo at lubhang kalungkutan. Naaalala niyo ba siya? Siya na asawa ni Elkanah's

*"...at si Hannah ay walang anak" (I Samuel 1:2, NKJV).*

Walang sakit na hihigit pa sa paghangad ng bagay na imposible. Kagaya ni Hannah na minsan masakit ang katotohanang tanggapin na tama sila sa kanilang sinasabi. Tuwing ang kanilang pamilya ay pupunta sa templo upang mag-alay sa Diyos, kahit na ginagawa na ni Elkanah ang lahat para lamang huwag siyang malungkot, siya pa din ay nakakaramdam ng kakulangan, at kawalan ng pag-asa.

Kapag nakikita ni Hannah ang mga anak ni Elkanah kay Peninnah, habang sila ay kumakain at tumatawa ay para bang ang kanyang sugat ay nilalagyan ng asin. Isang napakahapding katotohanan ito para sa kanya at tunay na sumusugat sa kanyang puso.

Habang tumatagal, hindi na makakain si Hannah, dahil nahihya siyang sumabay sa kanila, Dahil si Peninnah ay kinukutya siya at masasakit na salita lamang ang kanyang naririnig mula dito, siya ay tahimik lamang na lumuluhang mag-isa.

Kada taon kapag may selebrasyon ay umaalis si Hannah. Siya ay tahimik na lumuluha hanggang sa mauwi sa pagtangis, kahit na ginagawa ni Elkanah ang lahat mapasaya lamang siya ay hindi nawawala ang sakit.

Subalit noong sumunod na taon, siya ay lumuha ng may ka desperaduhan, pakiramdam niya ay hindi siya nadidinig ng Diyos sa kanyang pribadong *prayer room* kung kayat siya ay pumunta sa templo at doon tumangis at nanalangin ng buong puso sa Panginoon.

*Sa gayo'y bumangon si Ana pagkatapos na makakain sila sa Silo at pagkatapos na sila'y makainom. Ngayo'y si Eli na saserdote ay nakaupo sa upuan niya sa siping ng haligi ng pintuan ng templo ng Panginoon. At siya'y nanalangin sa Panginoon ng buong paghihinagpis ng kaluluwa, at tumangis na mainam At siya'y nanata ng isang panata, at nagsabi, Oh Panginoon ng mga hukbo, kung tunay na iyong lilingunin ang pagkapighati ng iyong lingkod, at aalalahanin mo at hindi mo kalilimutan ang iyong lingkod, kundi iyong pagkakalooban ang iyong lingkod ng anak na lalake, ay akin ngang ibibigay sa Panginoon sa lahat ng kaarawan ng kaniyang buhay, at walang pangahit na daraan sa kaniyang ulo." " (I Samuel 1:9-11).*

Nakita ni Eli ang kanyang kadesperaduhan sa panalangin, inakala pa ni Eli na siya ay lasing subalit noong napakinggan niya si Hannah, sinabihan niya ito na may pag-asa sa Panginoon.,

Isang magandang halimbawa ang buhay ni Hannah, lalo na kung tayo ay desperado sa buhay. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Hannah, ano ang iyong gagawin? Luluha? Magrerelaklamo? Sisimangot?

Ikaw ay aking hinahamon na umiyak sa Diyos, ipagkatiwala ang bukas kay Hesus at gumawa ng mga planong maganda.

Ang ating desperasyon ay isang paraan ng Diyos upang tayo ay bigyan ng pag-asa at kagalingan. Wag tayong susuko. Hayaan natin na ang salita ng Diyos ang manguna sa ating buhay. Ihayag natin sa Diyos ang ating plano. Gumawa ng Panata sa Diyos. Tayo ay bibigyan niya ng kagalakan sa panahon ng kalungkutan. Ang ating pagsamba ay siyang mag-aalis ng ispiritu ng kabigatan.. (Read Isaiah 61.)

*Tala: Si Wanda Chavis ay siyang North Carolina District Ladies Ministries president at isang anointed speaker At isang published author. Siya din ay nagtatrabaho bilang consultant women's health and hydration consultant. Isang Ina at tinatawag na MawMaw ng kanyang mga apo.*

---

Like us on Facebook 

---

View our videos on 

Watch Ladies Prayer International 1-minute Video clip.

---



Debbie Akers

### Mula sa Editor

Maraming ginagawang mabuti ang Diyos ,

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian at Norwegian. Ipanalangin po natin na magkaroon na rin tayo ng Polish, Serbian, Bulgarian at Japanese na taga transleyt.

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com. Kami ay masayang magpadala ng kopya para sa inyo!

---

## Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)

[UPCI Ladies Ministries](#)

[More to Life Bible Studies](#)

[Today's Christian Girl](#)

[World Network of Prayer](#)

[UPCI](#)

[My Hope Radio](#)

[Multicultural Ministries](#)

[Ladies Prayer International on Facebook](#)

---



**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan , upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon , gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



**Ministries we support...**  
**TUPELO CHILDREN'S MANSION**

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

**NEW BEGINNINGS** Maternity care for birthmothers considering adoption and child placement for adoptive couples.



**HAVEN OF HOPE** A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

**LIGHTHOUSE RANCH** for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys.



**Do You Subscribe to Reflections Magazine?**

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

**Subscribe online!**